# Hindi titigil ang dila mo sa pagkanamamasa sa pag-alaala kay Allāh

Ayon kay `Abdullāh bin Busr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May pumunta sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaki saka nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang mga palabatasan ng Islām ay dumami nga sa amin. Kaya may kabanatang kakapitan namin na masaklaw?" Nagsabi siya: "Hindi titigil ang dila mo sa pagkanamamasa sa pag-alaala kay Allāh."} Sa isang salaysay mula sa ḥadīth ni Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya): {Ang kahuli-hulihan sa [nasabing] nakipaghiwalay ako hinggil doon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi ako: "Alin po sa mga gawain ang pinakamabuti at ang pinakamalapit kay Allāh?" Nagsabi siya: "Na mamatay ka habang ang dila mo ay namamasa sa pag-alaala kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan)."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad, Imām At-Tirmidhīy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Ibnu Ḥibbān]

May dumaing na isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga kinukusang-loob sa mga pagsamba ay dumami nga sa kanya hanggang sa nawalang-kakayahan siya sa mga ito dahil sa kahinaan niya. Pagkatapos tinanong niya ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na gabayan siya sa isang gawaing madali na hahatak sa maraming gantimpala, na kakapitan niya at hahawakan niya. Kaya gumabay sa kanya ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na ang dila niya ay maging basa, na gumagalaw-galaw sa pagpapalagi sa pag-aalaala kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) sa bawat oras at kalagayan sa pagsambit ng tasbīḥ, taḥmīd, istighfār, panalangin, at tulad niyon.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/66541